

BOOKLET NG MGA PILING AKDANG PAMPANITIKAN BILANG KAGAMITANG PANTURO AT PAGSULAT NG MAIKLING KWENTO

JENNIEZHEL S. TOLOSA¹
DR. IMELDA G. CARADA²
16-ss-fil-007@lspu.edu.ph¹
imelda.carada@lspu.edu.ph²
0000-0001-7076-1751¹
0000-0003-3843-2653²

Laguna State Polytechnic University, Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng descriptive-correlational na pamamaraan ng pananaliksik sapagkat kinilala ng pag-aaral na ito ang ugnayan ng booklet ng mga piling Akdang Pampanitikan bilang kagamitang panturo at pagsulat ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang ng paaralang Prudencia D. Fule Memorial National High School. Gumamit ang mananaliksik ng booklet, mga talatanungan at rubrik o pamantayan sa pagsulat ng maikling kwento upang maisakatuparan ang mga layunin ng pag-aaral na ito. Ang mga nakalap na datos ay inilalahad sa pamamagitan ng mga talahanayan at binigyan ng interpretasyon sa pamamagitan ng paggamit ng Mean, SD, at Pearson-r upang masagot ang mga sumusunod na tanong: Una, ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa booklet ng mga piling Akdang Pampanitikan. Ikalawa, ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag sulat ng maikling kwento bago gamitin ang booklet. Ikatlo, ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag sulat ng maikling kwento pagkatapos gamitin ang booklet. Ika apat, may pagkakaiba ba ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng maikling kwento ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang booklet. Ikalima, may makabuluhang kaugnayan ba ang paggamit ng booklet ng mga piling akdang pampanitikan bilang kagamitang panturo sa pagsulat ng maikling kwento ng mga mag-aaral at ika anim, ano ang pagbabagong maaaring isaalang-alang sa paggamit ng booklet upang mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng maikling kwento. Natuklasan sa pananaliksik na ang mga mag-aaral ay lubos na katanggap-tanggap ang booklet ng mga piling akdang Pampanitikan. Sila ay may mahusay na kasanayan sa pagsulat ng nilalaman at pag oorganisa ng mga ideya maging sa mekanismo sa pagsulat ng maikling kwento batay na pagbabaybay, pagbabantas, at wastong paggamit ng mga salita. Nakitaan din ng pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng maikling kwento ang mga mag-aaral bago at pagkatapos nilang gamitin ang booklet ng mga piling Akdang Pampanitikan bilang batayan. Lumabas din sa resulta na walang makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng booklet bilang kagamitang panturo sa pagsulat ng maikling kwento. Sa naging pag-aaral lumabas ang mga sumusunod: Nagpapakita na walang makabuluhang kaugnayan ang pag gamit ng booklet ng mga piling Akdang Pampanitikan bilang kagamitang panturo sa pagsulat ng maikling kwento ng mga mag-aaral ayon sa Layunin, mula sa r. value na .363 ng Nilalaman, r.value na .588 ng Organisasyon, r. value na .854 ng wastong gamit ng bantas, r.value na .588 ng wastong baybay ng salita, r. value na .845 ng wastong gamit ng malaki at maliit na titik at r.value na .638 ng wastong gamit ng salita. Gayundin, walang makabuluhang kaugnayan ang pag gamit ng booklet ng mga piling Akdang Pampanitikan bilang kagamitang panturo sa pagsulat ng maikling kwento ng mga mag-aaral ayon sa Nilalaman, mula sa r. value na .358 ng Nilalaman, r.value na .635 ng Organisasyon, r. value na .486 ng wastong gamit ng bantas, r. value na .389 ng wastong baybay ng salita, r.value na .194 ng wastong gamit ng malaki at maliit



na titik at r.value na .684 ng wastong gamit ng salita. Batay sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, Iminumungkahi ng mananaliksik sa mga guro na maaari pang gumamit ng iba pang mga baryabol na makatutukoy sa antas ng pagsulat ng mga mag-aaral. Mas mainam rin na isaalang-alang ang karanasan at interes ng mga mag-aaral sa pagpili ng pamamaraang gagamitin o sa kagamitang pampagtuturo sapagkat mahalagang malaman ang kinawiwilihan ng mga mag- aaral sa makabagong panahon. Iminumungkahi rin ng mananaliksik na patuloy na dumalo sa mga webinar ang gurong nagtuturo sa Filipino at magsagawa pa nang mas malawak at malalim na pag-aaral hinggil sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat upang matuklasan ang mga bagay na may makabuluhang kaugnayan na makatutulong sa isang maayos at mabisang pagtuturo.

Mga susing salita: Booklet, Akdang Pampanitikan, kasanayan sa pagsulat, maikling kwento